



Ang Bagong Pananaw

Tomo.7 Blg.5

Ang Opisyal na Pahayagan ng Jose Rizal Memorial State University

Agosto-Setyembre 2018

Regional Inclusive Development in Asia matagumpay na dinaluhan

ni: Grace Mae G. Cabello



PAGBUBUKLOD-BUKLOD SA PANGARAP. Nakangiting nakipagkunan ng larawan ang System President, Dr. Daylinda Luz R. Laput (pangalawa mula sa kaliwa), kasama ang iba pang opisyaes sa Taiwan sa naganap na Philippine-Taiwan President's Forum.

Matagumpay na dinaluhan ng pangulo ng JRMSU na si Dr. Daylinda Laput at opisyaes ng Fu Jen Catholic University ang Regional Inclusive Development in Asia sa Mandaluyong City noong Agosto 23.

Ayon kay Dr. Laput, nagkaroon sila ng inisyal na pag-uusap ng Dekano ng International Education at isang propesor sa Departamento ng Ekonomiya ng Fu Jen Catholic University ukol sa faculty mobility o ang paglilipat ng mga guro sa larangan ng Enhinyerya.

Nagkaroon

pakikipagtulungan ang Fu Jen Catholic University at Dr. Laput tungkol sa scholarship grant na kung sino man ang interesado at may potensyal sa larangang ito ay maaaring lumipat o mamalagi at makapagtapos ng Doctorate degree sa mahigit dalawa hanggang tatlong taon sa bansang Taiwan.

Ang nasabing pagpupulong ay lubos na ikinatuwa ni Dr. Laput sapagkat mabibigyan ng pagkakataon ang mga guro na magpakadalubhasa at makapagtapos ng kanilang Doctorate Degree.

ng

JRMSU-CED at ZNNHS, pumirma ng MOA

ni: Roseller Batal

Kamakailan lang pumirma ng Memorandum of Agreement (MOA) ang Jose Rizal Memorial State University (JRMSU)-College of Education (CED) sa pangunguna ni Dr. Elenita M. Reyna (College Dean) at Dr. Edgardo S. Cabalidang Zamboanga del Norte National High School (ZNNHS),

Secondary School Principal noong Agosto 30 sa ZNNHS-Main Campus. Kaugnay ito ng launching program na "Speech and

Language Proficiency Through Jazz Chants Enhancement at Kasanayan sa Wastong Paggamit ng mga Salita: Batayan ng Sining Pantanghalan ng Mag-aaral sa ZNNHS Miputak."

Kabilang sa pumirma

ng MOA ay sina Dr. Ma. Liza R. Tabilon, Schools Division Superintendent; Dr. Perla E. Velasco, Project Leader.

Ayon sa panayam ng patnugutan ng Bagong Pananaw kay Prof. Nechor T. Cadorna, Extension Chairperson layunin ng nasabing programa ay ang mahasa

at mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral ng ZNNHS sa larangan ng paggamit ng wastong balarila. Maipakita rin ang kakayahan

ng mga mag-aaral sa sining pantanghalan.

Dagdag pa sa nakuhang source ng patnugutan ng Bagong Pananaw, ang naturang programa ay pinunduhan ng mahigit kumulang ₱52,468.



JRMSU, nakilahok sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika

ni: Rhine L. Cajocon

Matagumpay na nakilahok ang JRMSU-Dipolog Kampus sa pagdiriwang ng Wikang Pambansa 2018 na may temang "Filipino: Wika ng Saliksik" na ginanap sa university gymnasium noong Agosto 29.

Naging masaya ang selebrasyon sa pangunguna ng mga guro, mga mag-aaral ng Sirkulong Filipino at dinaluhan ng lahat ng mag-aaral mula sa iba't ibang departamento. Tampok sa programa ang iba't ibang paligsahan gaya ng literary, mga larong pinoy at musikang pinoy na nagbigay-saya sa naturang selebrasyon.

Ayon kay Dr. Ramil C. Moroscallo, Dekano ng Kolehiyo ng Sining at Agham at tagapanayam sa nasabing okasyon, nararapat nating pagyamanin at palaganapin ang

Wikang Filipino sa iba't ibang larangan ng karunungan lalo na sa Agham at Matematika. Dapat din nating pagtibayin ang paggamit ng wikang pambansa bilang daan para sa malalimang pag-aaral at pagsasaliksik.

Bilang karagdagan, ang naturang selebrasyon ay dinadaos taon-taon alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s.1997 na idaraos tuwing 1-31 ng Agosto, ang Buwan ng Wika.



CED, Namamayagpag

ni: Roseller Batal



NGITING TAGUMPAY. Hindi magkamayaw ang sayang ipinapakita ng mga mag-aaral mula sa Kolehiyo ng Edukasyon pagkatapos nilang manalo sa buwan ng wika.

Dedikasyon, talento, at pagkakaisa. Ito ang naging puhunan ng mga mag-aaral mula sa College of Education upang mamayagpag sa ginanap na taunang buwan ng wika sa Jose Rizal Memorial State University (JRMSU) Dipolog Kampus noong Agosto 29 sa loob ng JRMSU gymnasium.

Humakot ng mahagit 5 parangal ang College of Education nang masungkit nila ang unang puwesto sa iba't ibang patimpalak tulad ng dagliang talumpati, masining na pagkukwento, dalawahang pag-awit, balitaw, at spoken poetry. Nasungkit din nila ang 4 na parangal sa ikalawang -puwesto ng iba't ibang patimpalak. Sa kabuuan ang naturang departamento

ay humakot ng 14 na panalo mula sa nasabing programa.

Ayon sa panayam ng patnugutan ng bagong pananaw sa isa sa mga opisyal ng College of Education, nagbunga ang kanilang paghihirap. Saya ang kanilang naramdaman sapagkat lahat ng mga mag-aaral na lumahok sa patimpalak ay may dedikasyon at nakikiisa upang mapagtagumpayan ang mga patimpalak na nilahukan. Dagdag pa niya, masaya ang lahat lalo na nang tumanggap ng tropiyo dahil hindi lamang ito sa mga lumahok kundi tagumpay ito ng lahat ng mag-aaral na napapabilang sa College of Education. Ang naturang palatuntunan ay may temang "Filipino: Wika ng Saliksik"

Dimasalang Grand Audition, matagumpay na ginanap

ni: Brix Jasper V. De Leon at Rigin Rusiana

Setyembre 05, 2018- Matagumpay na ginanap ng Dimasalang Talents Guild ang kanilang Grand Audition sa loob ng gymnasium ng Jose Rizal Memorial State University-Dipolog Campus.

Ang naturang aktibidad ay dinaluhan ng mga mag-aaral galing sa iba't ibang departamento. Sa pangunguna ng aktibong PESA-Socio cultural Director na si Prof. Venus Dalman-Namoc, naging matagumpay ang ginanap na aktibidad.

Mahigit kumulang sa 200 mga mag-aaral ang lumahok

at nagpamalas ng kani-kanilang talento sa pag-awit, pagsayaw at pagtugtog gamit ang iba't ibang uri ng instrumento.

Ayon sa presidente ng Dimasalang Talents Guild na si Rachele Roda, layunin nilang madagdagan ang miyembro ng kanilang organisasyon at upang makapaghandang sila sa darating na Mindanao Association of State Tertiary Schools (MASTS).

Sa pagtatapos ng aktibidad, humagit kumulang 68 talentadong mag-aaral ang itinalaga bilang bagong miyembro ng kanilang organisasyon.



HATAW NA. Nagpamalas ng kani-kanilang talento ang mga mag-aaral ng JRMSU para mapasali sa Dimasalang Talents Guild.

Ang pinakalayunin ng pagtuturo ay pagkatuto- Reyna

ni: Rhine L. Cajocon



TUNGKULIN KO, GAMPANAN KO. Masinsinang nakikinig ang mga mag-aaral mula sa Kolehiyo ng Edukasyon pagkatapos tinalakay ng mga guro ang mga tungkulin at responsibilidad sa nasabing departamento.

"Naniniwala akong ang pinakalayunin ng pagtuturo ay ang pagkatuto."

Ito ang wika ni Dr. Elenita M. Reyna, Dekana ng Kolehiyo ng Edukasyon sa mga mag-aaral na kumuha ng kursong edukasyon sa ginanap na Oryentasyon noong Agosto 30 sa loob ng Jose Rizal Memorial State University Dipolog Campus (JRMSU) gymnasium.

Naging makabuluhan at dagdag-kaalaman ang nasabing programa sapagkat tinalakay dito ang mga mahalagang datos tulad ng mga alintuntunan at patakaran ng mga nasabing kolehiyo. Tinalakay maging ang mga tungkulin ng mga mag-aaral, ang pagsusuot ng uniporme at ang iskedyul ng

mga gawain sa loob ng isang semester.

Binigyang-diin din ang pagtalakay tungkol sa pananaliksik na tinalakay ni Dr. Leonardo D. Cainta, Research Director, at ang tungkol sa usaping Field Study at Internship na tinalakay naman ni Dr. Perla E. Velasco, Chairperson ng BEED Program. Nagkaroon din ng isang malayang talakayan ang naturang oryentasyon.

Bilang karagdagan, ipinakilala ni Dr. Reyna ang lahat ng CED Faculty at Staff gayundin ay ipinakilala ni Rey Enclonar, CED Governor, ang kanyang mga opisyal. Natapos ang orientation sa pagpapahayag ng makabuluhang mensahe ni Prof. Miriam V. Icao, isang CED Faculty.

COC, nagpatupad ng panibagong batas

ni: Mevilona Silva

Nagpatupad ng panibagong batas ang College of Criminology (COC) sa ilalim ng pamumuno ng bagong Dekano na si G. Bernard C. Gilaga ng nasabing departamento.

Ilan sa bagong batas na ito ay ang pagpapagupit sa buhok ng mga mag-aaral pati kababaihan, 1 inch with white sided wall (5x6), 4x4, 3x5, at 3x4.

Ipinapairal din sa naturang departamento ang pagbibigay ng demerits sa lahat ng mga mag-aaral bawat taon na ang parusa ay community service tulad ng paglilinis sa lahat ng silid at palikuran ng departamento.

Ayon sa panayam ng patnugutan sa mga mag-aaral mula sa nasabing departamento, ang mga panibagong batas na ito ay nakabubuti sa kanila upang maging disiplinado at nagsisilbing gabay sa kanilang simulain sa pagiging pulis sa hinaharap.

G. Manriquez, itinalaga bilang bagong registrar

ni: Vanessa Quirante

Itinalaga si Gabriel Manriquez bilang bagong registrar ng JRMSU Dipolog Campus kasabay sa pagbubukas ng taong panuruan 2018-2019.

Si G. Manriquez ay nakapagtapos ng Commerce sa SVC. Naging Administrative Officer 1 sa cashier din sa loob ng mahabang panahon ng nasabing unibersidad.

Ayon sa panayam ng patnugutan ng pahayagan, bilang isang bagong registrar siya ay magsisilbing maytatag, dedikasyon at tapat sa lahat, at kanyang pagbubutihin ang kanyang trabaho upang ang lahat ng mag-aaral ay makapagtapos at hihikayating makapagtapos ng may karangalan.

Dagdag pa niya, hindi madali ang trabaho bilang isang registrar sapagkat ikaw ang mangangasiwa at nag-iingat sa mga importante at mga mahahalagang dokumento.

Si Manriquez ay siyang pumalit sa dating registrar na si Victoria Canoneo.

Mga mag-aaral ng BS-Tourism dumalo sa oryentasyon

ni: Brix Jasper V. De Leon



ORYENTASYON TUNGO SA KAALAMAN. Ibinabahagi ng mga kaukulan ang mga batayan ukol sa "On-the-Job Training" para sa nalalapit na students deployment ng mga mag-aaral sa BS -Tourism.

Dinaluhan ng humigit kumulang 50 mga mag-aaral ng Bachelor of Science in Tourism ang Orientation for Students Deployment na ginanap sa Admin Hall, Jose Rizal Memorial State University Dipolog Campus noong Agosto 30, 2018.

Ang nasabing programa ay pormal na sinimulan ni Dr. Ramil C. Moroscallo, Dekano ng Kolehiyo ng Sining at Agham sa pagbigay ng pangbungad na salita at kasunod nito ang pagbigay naman ng mensahe ng Campus Administrator na si Dr. Clarita D. Bidad.

Ayon kay Angel T.

Tubat, mag-aaral ng BST, ang layunin umano ng orientation ay ihanda sila sa kanilang darating na "On-the-Job Training" at magkaroon ng sapat na kaalaman tungkol sa gampanin at responsibilidad ng isang empleyado.

Isa sa mga dumalo sa nasabing programa ay si Judge Chad Martin Palar na naglahad tungkol sa Law on Anti-Sexual Harassment at Batas tungkol sa karapatan ng isang empleyado.

Ang programa ay matagumpay na dinaluhan sa tulong ng kanilang Program chair na si Propesor Li Bird B. Ballesteros.

SSG community service, muling ikinasa





Pilipinas, handa ba sa Pederalismo?

Mula halalan hanggang sa pagkapanalo ng ating Prisedente Rodrigo Roa Duterte ay maugong na balita ang naglipana sa sosyal midya ay ang baguhin ang saligambatas, ang unitary system at papalitan ito ng isang panibagong saligambatas at sistema na tinatawag na Pederalismo.

Siguradong malapit na at hindi magtatagal ay papalitan na ang kasalukuyang sistema ng pamahalaan. Sa kabila nito, karamihan sa mga Filipino ay mananatiling walang ideya tungkol sa pederalismo. Ano nga ba ito?

Ang pederalismo ay isang sistema ng pamamahala kung saan ang bawat estado (state) ay may sariling pamahalaan na may kalayaan mula sa central o yung pederal na pamahalaan. Bawat estado ay may kapangyarihan na gumawa ng batas na paiiralin sa kanilang mga nasasakupan. Sa ilalim ng nasabing sistema, may isang pinaghalong government system na binubuo ng pinagsamang central o "pederal" government na may regional state government sa isang political system.

Ang pagbuwag sa ating unitary government system at ang pagbuo ng panibagong sistema ay magbabawas sa kapangyarihan ng central government. Saklaw lamang ng kapangyarihang ito ang mga national dimension gaya ng defense, foreign policy and relations at iba pa.

Ang pagpapunlad ng industriya, kaligtasan, edukasyon, kalusugan at transportasyon ay isang

responsibilidad na iniatas sa mga autonomous region o estado ng LGU-probinsya, lungsod, munisipalidad at maging ang mga baranggay.

Sa sistemang pederal, binibigyan din ng kapangyarihan ang mga estado sa usaping pinansyal, development planning, at batas na eksklusibo sa kanilang hurisdiksyon at maaring magsanay sa power sharing.


Isang napakagandang hangarin na tinataglay ng sistemang pederalismo ang layunin na paunlarin ang bansang Pilipinas. Gayunpaman, hindi mawawala sa ating mga isipan na baka sinasakyan lamang ito ng mga buwayang pulitiko at sariling interes lamang ang iniisip. Maaring gamitin ang sistemang ito upang ang bawat pulitikong nagnanais ay mananatili sa kanilang puwesto at madadagdagan pa ang kanilang kapangyarihan. Isa rin sa ating pinangangambahan ay baka tayong mga Filipino ay magkakawatak-watak at ang isang rehiyon ay hindi kakayanin ang ganitong panibagong sistema lalong-lalo na sa mga rehiyong hindi masyadong maunlad.

Kailangan nating matutunan ang tungkol sa comparative merits, ang kalakasan at kahinaan ng dalawang sistema at tumulong sa pagbuo ng Filipino hybrid model na magiging epektibo sa pagtugon sa ating pangangailangan. Kung babaguhin ang kasalukuyang sistema, handa ba ang Pilipinas o maging dahilan lamang ito upang tayo ay magkawatak-watak?

Salipawpaw

Endo: Makakabuti ba?

ni: Rose Clare E. Bajamunde



Trabaho ang isa sa pinaka importanteng bagay para sa mga Pilipino. Ito ang nagsisilbing susi upang matustusan ang pangangailangan ng bawat isa. Pero paano ang mga manggagawang kabilang lamang sa kontraktuwalisasyon na sa huli ay may ENDO (End of Contract)? Endo na naging malaking isyu sa bansa.

Ipinaliwanag ni Atty. Anenias ang pagkakaroon ng ENDO, hindi umano dahil sa batas na kailangang makapagtrabaho sa loob ng 6 na buwan o higit pa, bago ka maging isang regular na empleyado. Isa sa mga nakakaranas nito ang mga sales lady, waiter, janitor at iba pang trabaho na kabilang sa kontraktuwalisasyon. Pero may mga kompanyang tinatapos na nila ang kontrata bago pa man mag-anim na buwan upang maiwasan ang pagbibigay ng benepisyo sa mga manggagawa.

Binigyang-pansin ni Pangulong Duterte ang isyung ito, nilagdaan niya noong Mayo 1 "Araw ng Manggagawa" ang isang Executive Order (EO) ukol sa kontraktuwalisasyon. Ayon pa sa kanya, ngayon ay ang EO lang ang legal na hakbang na maari niyang magawa laban sa kontraktuwalisasyon kaya tinaas niya sa Kongreso ang pagsulong sa labor code. Hindi naman

nakuntento ang mga grupo ng mga manggagawa sa pinirmahang EO ng Pangulo, isa na dito si Alan Tanjuszay, spokesperson of the Associated Labor Unions-Trade Union Congress of the Philippines (ALU-TUCP), aniya, "nabigo ang EO ng Pangulo na alisin ang mga manpower agency at bigyang kahulugan ang employee-employer relationship na maituturing bilang direct hiring."

Samo't-saring reaksyon mula sa mga manggagawang Pilipino sa paglagda ng Pangulo sa EO. Maraming nagpahayag ng mga hinanaing at pagkadismaya gayun pa man sinisigaw pa rin nila ang permanenteng pagkawala ng kontraktuwalisasyon. Kasabay sa pag-asang tataas ang minimum wage nila bilang manggagawa.

Sa kabilang dako, sinasabi naman ng ilang nitizens na bigyan ng pagkakataon ang gobyerno na patunayan ang kanilang mga panukala. Hindi naman ibig sabihin kapag may "endo" ay katapusan na rin ng buhay, ang kailangan lang ay magtiyaga at huwag mawalan ng pag-asa upang hindi magutom at matustusan ang pangangailan ng pamilya. Ang manggagawa pa rin ang kaakibat sa pag-unlad ng industriya ng bansa kahit hindi madali ang napagdaanan nila mula sa mga abusadong employer ng bansa.

Ang Bagong Pananaw PATNUGUTAN

Punong Patnugot: Arghel A. Torres

Katulong sa Patnugot: Brix Jasper V. De Leon

Manunulat: Roger Bagalanon, Mevilona Silva, Vanessa Quirante, Chinie Paracale, Roseller Batal and Richard Danieles

Feature Writers: Rose Clare Bajamunde, Roseller Batal, Jessa Villanueva and Ahlexa Amarille

Columnist: Gracy Mae Cabello

Tagakuha ng Larawan: RJ Nerf Calasang and Rigin Rusiana

Karikatura: Veilton Morgia

Managing Editor: Rhine Cajocon


Tagalay-out: Dhebie Tizon

Tagapayo: Daisy Ruiz, M.A. Fil.

Dean, Students Affairs and Services: Dr. Felipe A. Pialago

Campus Administrator: Clarita D. Bidad, Ed.D.

JRMSU System President: Daylinda Luz R. Laput, Ph.D.



ni: Mevilona H. Silva

Pagpapatupad ng Parusang Kamatayan

Batingaw

Panahon na ba para ibalik ang parusang kamatayan?

Mainit na naman ang usapin tungkol sa pagpapatupad ng parusang kamatayan o “Death Penalty” sapagkat kamakailan lamang ay umagaw na naman ng atensyon ang iba’t ibang krimen at karahasan sa ating bansa ang parusang kamatayan ay kailanman hindi naaayon sa batas ng Diyos at simbahan sapagkat ito ay pagkitil ng buhay ng tao. Ito ang kadalasang sigaw ng nakararami na itigil ang pagbawi ng karapatan at kalayaang mamuhay ng isang mamamayang Pilipino. Ngunit para naman sa ibang tao, ito ang mas mainam na paraan upang sugpuin ang anumang uri ng kasamaan. Isinusulong ng ating pamahalaan at ni Pang. Rodrigo R. Duterte ang batas kontra-droga na nagtutugon na sinuman ang mahuhuli na gumagamit o nagbebenta ng droga ay parurusahan ng panghabambuhay na pagkakakulong. Isinusulong ng pamahalaan ang panukalang ito sa pagnanais na baguhin at gawing malinis ang bansa.

Tinatalakay ng Programang “Usapang de Campanilla” ng DZMM ang pagbabalik ng panukalang “Death Penalty” sa Pilipinas noong ika- 25 ng Mayo, taong kasalukuyan. Ayon kay Atty. Claire Castro, ang panukalang ito ay nakapokus sa mga krimen na may kinalaman sa droga tulad ng pagpapasok o pag-iimport ng droga sa Pilipinas. Dagdag pa niya maaari ring maparusahan ng kamatayan sa kasalukuyang panukala ang mga protektor at nasa likod ng mga pagawaan ng ilegal na droga. Ayon sa pangunahing may akda ng panukalang ito na si Senador Manny Pacquiao, dapat

umanong maparusahan ng kamatayan ang mga taong mapapatunayang gumagawa ng krimeng tulad ng, kidnapping at rape. Isinusulong din ng grupong Volunteer Against Crime and Corruption (VACC) ang pagbabalik ng “Death Penalty”. Nais ng grupo na gawin ang pagpaparusa ng kamatayan sa harap ng publiko upang magbigay ng aral sa mga taong nais gumawa ng krimen. Ayon naman kay Senate President Tito Sotto nararapat lamang umano ang parusang ito sa mga taong dawit sa “high level drug trafficking”.

Iba’t ibang hinaing ang pumutok matapos ipalabas ang muling pagbabalik ng “Death Penalty” sa Pilipinas. Kahit hindi pa man ito aprobante ng pamahalaan ay iba-iba na ang opinyon ng mamamayan. Marami ang hindi sumasang-ayon dahil ayon sa kanila, ito ay labag sa utos ng Diyos, at hindi mabuting halimbawa para sa mga kabataan. Ayon sa Catholic Bishop’s Conference of the Philippines (CBCP), hindi umano epektibong paraan ang parusang kamatayan sa pagtigil ng karahasan sa bansa dahil ang mga ito ay maaaring gayahin ng mga kabataan na siyang makakasira ng kanilang kinabukasan. Marami rin ang sumasang-ayon sapagkat para sa kanila ito ang tanging paraan upang mawala ang karahasan na magdudulot ng masama sa bawat mamamayan. Gayupaman, anuman ang magiging pasya ng pamahalaan, isipin natin na ito ay para sa kapakanan ng buong bayan tungo sa pagbabago at kaunlaran ng bansang Pilipinas.

Magsalita ka!

Amnestiya ni Sen. Trillanes: Nararapat bang bawiin?

ni: Arghel A. Torres



Isang mainit na usapin ngayon sa ating bansa ang gititan sa pagitan ni Sen. Antonio Trillanes IV at Pang. Rodrigo Roa Duterte na nauwi sa paghalungkat sa dating isyu ng senador. Kung matatandaan na ang senador ay sangkot sa Oakwood Mutiny sa taong 2003 at Peninsula Manila Siege taong 2007 para pabagsakin ang administrasyong Arroyo na naging dahilan upang sampahan siya ng iba’t ibang kaso kaugnay nito.

Sa pamumuno ng dating Pang. Benigno Simeon Aquino III, sinasabing pormal na naghain ang senador ng mga rekwayrment para sa amnestiya. Sa bisa ng Proklamasyon blg. 75 noong 2010, pinagkalooban ang senador ng amnestiya kasama ang iba pang sundalo ng Magdalo na nilagdaan ng dating Defense Secretary Voltaire Gazmin. Ngunit, sa bagong administrasyon ay pormal na naglabas ng Proklamasyon blg. 572 na nagsasaad ng pagpapawalang-bisa sa amnestiya na ipinagkaloob ng dating administrasyon noong 2010.

Ano ba ang amnestiya? Ayon sa saliganmbatas, 1987 Konstitusyon ang amnestiya ay ang ganap na pagpapatawad o paggawad ng kapatawarang may kondisyon sa mga nagkasala sa pamahalaan. Ang isang amnestiya ay mula sa Kongreso at ang Kongreso ang magbibigay ng kapangyarihan sa Pangulo na maggawad ng amnestiya sa taong karapat-dapat at tanging pangulo lang ang may karapatan na gumawad nito sa bisa ng proklamasyon ayon din sa isinasaad ng Saligang Batas.

Ang prinsipyong non-

delegability ng kapangyarihan ay sumusunod sa Latin na kasabihang “Potestas delegate non potest delagari”; o ang itinalagang kapangyarihan ay hindi na maaring ipasa pa sa iba. Gayunman, ang mga prinsipyo ng non-delegability ng kapangyarihan ay hindi isang ganap na panuntunan. Ito ay napapailalim sa ilang mga pagbubukod. Pinapayagan ang Kongreso na magpasa ng batas upang pahintulutan ang isang ahensiya sa ilalim ng Executive Branch upang magbigay ng pagpapatupad ng batas. Ang paggawad ng mala-lehislatibong kapangyarihan at quasi-judicial power sa isang pagpapatupad ng ehekutibong ahensiya ng Kongreso ay hindi isang paglabag sa kasabihang “Potestas delegate non potest delagari.”

Sakaso ng senador sinasabing isang “void ab initio” ang amnestiyang iginawad sa kanya dahil ang dating kalihim ng National Defense ang pumirma sa amnestiyang iginawad kay Sen. Trillanes. Ayon naman sa kampo ng senador, isang political persecution o harassment ang naging hakbang ng Malacañang sa pagpapalabas ng Proklamasyon blg. 572. Dagdag pa niya, na hindi puwedeng bawiin ang isang amnestiyang iginawad dahil hakbangan ng Kongreso ang pagkaloob ng amnestiya at hindi maaring ipawalang-bisa ng isang Executive Order.

Sa mga mamamayang Filipino, ano ang inyong masasabi? Puwede bang bawiin ang amnestiyang iginawad na ng dating administrasyon ng kasalukuyang administrasyon?

masamang balak sa mga mag-aaral at mismo sa unibersidad. Sa pamamagitan nito ay mas mapapahigpit pa ang seguridad at maaaring maiwasan ang mga peligrong maaring mangyari sa loob.

Siguro nga ay nararapat lamang na pahalagahan ang core values ng paaralan. Kailangan nating makita ang mabuting maidudulot nito sa atin. Dapat natin itong tuparin sapagkat ito rin ang makapagpapabuti sa atin. Bilang mag-aaral, kailangan nating maging responsable at sundin ang mga regulasyon ng unibersidad na naghahangad ng pawang kabutihan para mapaunlad ang buhay ng bawat mag-aaral.

Bona fide JRMSU student ka ba? Tanda mo ba ang JRMSU hymn? Eh ang JRMSU Core Values? May iilan lamang sa mga mag-aaral ng JRMSU ang hindi alam ito subalit, nakakapagpapalubag-loob namang malaman na karamihan sa mga mag-aaral ng ating unibersidad ay alam at natatandaan ito. Ngunit, ano nga ba ang core values ng ating unibersidad?

Ang core values JRMSU ay binubuo ng “Philosophy, Vision, Mission, Goal at Objective” o mas kilala bilang “PVMGO” kabilang din dito ang “School discipline”. Datapwat alam ng karamihan ang core values ng unibersidad, ano ang

Sariling Pananaw

JRMSU’s Core Values, Bigyang-Halaga

ni: Roger E. Bagalanon



masasabi ng karamihan sa mag-aaral tungkol dito?

Kung ang “PVMGO” ang pag-uusapan ay maraming positibong kumento ang mga mag-aaral tungkol dito sapagkat nakikita nila na ang mga mag-aaral na nakapagtapos sa JRMSU ay may kakayahang makipagsabayan sa mga mag-aaral ng mga kilala at pribadong unibersidad. Nagpapatunay lamang na epektibo ang “PVMGO” ng

unibersidad. Subalit, maraming mag-aaral naman ang umalma sa bagong disiplinang pinapatupad ng unibersidad tulad ng pagpapalagay ng stickers sa mga sasakyan ng mga mag-aaral upang makapasok sa loob ng unibersidad. May mga negatibong pananaw ukol dito. Ayon sa iilan ay nararapat lamang ang ganitong pamamaraan upang maiwasan ang mga panganib na maaring maidulot ng mga taong may

GURO: *Isa kang Bayani*

ni: Ahlexa Amarille

BAYANI! Iyan ang tawag sa mga taong nag-alay ng kanilang buhay para sa kapakanan ng iba. Sila ay dinadakila sa hindi nila matatawarang nagawa sa buhay ng mga mag-aaral.

Ang ating mga mahal na guro ay isa sa mga itinuturing na bayani ng lahing Pilipino. Hayaan ninyong ilahad ko ang dahilan ng kanilang pagiging buhay na bayani.

Una, sila ang nagsilbing pangalawang magulang. Sila ang taong nag-alay ng kanilang oras upang ibahagi ang kanilang kaalaman.

Hindi nila inaalintana ang hirap ng pagtuturo, pagod sa pagtayo, ang sakit sa lalamunan upang tayo ay mabigyan ng sapat na kaalaman para tayo'y matuto.

Pangalawa, ang mga guro natin ay nagpupuyat sa gabi upang maghanda ng aralin para sa susunod na araw. Puyat man ay buong lakas, buong-puso at buong siglang papasok at haharap sa kanilang mga estudyante nang may ngiti sa labi.

Pangatlo, hinahamon at hinahasa nila ang pag-iisip ng daan-daang mag-aaral araw-araw, ngunit

hindi natin sila nabibigyang-halaga dahil iniisip nating pinahihirapan nila tayo sa mga proyekto, takdang-aralin at pagsusulit.

Pang-apat, daig pa nila ang mga social worker kung supurtahan ang mga pangangailan ng kanilang mag-aaral. Panglima, araw-araw ay ginagawa nilang posible ang mga bagay na imposible.

Pang-anim at panghuli, kahit man kulang sila sa panahon para sa kani-kanilang pamilya, ang iba'y kahit ilang kilometro pa ang layo ng kanilang lalakbayin ay nagpupursige pa rin sila dahil mahal nila ang kanilang ginagawa. Kahit nahihirapan na at napapagod, hindi nila ito alintana sapagkat ang pagiging guro ay isang bokasyon. Kailangan maglingkod ng may dedikasyon at ng buong puso.

Kulang ang salitang "Thank you" para sa lahat ng inyong sakripisyo. Bilang kabayaran sa inyong nagawa, magsusumikap kaming mga mag aaral na tuparin ang inyong mga adhikain. Adhikaing matuto, maging mabuting mamamayan at magkaroon ng magandang kinabukasan.



KALAT KO, RESPONSABILIDAD KO!

ni: Jessa Villanueva



Saang dako ng mundo, saan ka man liligon ay may mga kalat na basura, isang napakalaking suliranin mula noon hanggang ngayon. Iba't ibang makukulay na mga basura-plastik bags, balat ng kendi, lata ng softdrinks, mga bote, papel, buto ng manok, baterya, at iba pa na itinatapon lamang kahit saan ng mga iresponsableng mamamayan. Masdan mo ang paglalarawan ng isang maruming aso na humihikab at nag-iwan ng dumi kahit saan.

Hindi ba't napapatakip ka ng ilong kapag ika'y napapadaan? Ngunit hindi

ko maitatago ang katotohanan na ang suliranin natin sa basura ay lalong lumalala at nananatiling suliranin kung hindi bibigyan ng aksyon. Sa ngayon...

Sino ang SISISIHIN?

Hindi nararapat na linisin lamang ang mga lansangan at mga lugar na madaling nakakakuha ng atensyon ng tao. Dapat simulan ito sa kasulok-sulok at nararapat na disiplinahan ang sarili. Sa ating mga sarili dapat magsimula ang pagbabagong hinahangad. Maging responsable din dapat nararapat lokal na



pamahalaan ukol rito.

Responsableng pamamahala ng pagliligilip ng kalat.

Mahalaga ang wastong paghihiwalay ng mga basura. Nakagawian na ito sa ating lokal na pamahalaan. Malaking tulong ang pagpapatupad ng Ordinance 123 at ang paghihiwalay na pagkokolekta sa mga basura: ang mga nabubulok at di-nabubulok na basura.

Ating Tungkulin.

Hindi pa huli para gumawa ng aksyon. Nararapat lamang na gumawa

ng malaking aksyon kung papaano tayo mamuhay sapagkat ang ating gawi ang siyang makapagpapabago sa atin at sa mundong ating ginagalawan.

Pakikisangkot

Pamahalaan

Maging sa kasalukuyan, ang ating Pangulong Rodrigo Roa Duterte, ay naglalaan ng mabibigat na pwersang paghihiikayat sa isyung pangkalinisan. Malaki ang pananaw ng mga namunuan sa Pamahalaan na walang rason para hindi matulad ang Pilipinas sa Singapore sapagkat itinuturing ang ating bansa na isa sa pinakamalinis na bansa sa buong Asya.

Pilipinas- ligtas basura?

100 porsiyentong posibilidad. Nariyan ang Puerto Prinsesa, Marikina at Rizal na itinuturing na modelo ng bansa. Subalit ang pagiging malaya sa anumang kalat ay nakabatay sa buong suporta at kooperasyon ng sangkatauhan. Ito ay nangangailangan ng kakayahan na may angking galing, wastong kaalaman at determinasyon. Simulan natin ang pagbabago sa ating SARILI, nang sa noon ay mamuhay tayo ng masagana, malinis at magkaroon ng disentang kapaligiran.